DEPARTMENT OF EDUCATION
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON
Capitol Compound, Sorsogon City, Philippines 4700

Agosto 2, 2019

**ADDENDUM SA PANSANGAY NA MEMORANDUM BLG. 144, s. 2019**

RE: *PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019*

SA MGA: Kawaksing Tagapamanihala
SGOD at CID Chief
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Punong Guro at Namumunong Guro
sa Antas Elementarya at Sekondarya
sa lahat ng mga kasangkot

1. Ipinapabatid ang pagdaragdag ng PATIMPALAK PARA SA ISPELING: IISPEL MO! sa isasagawang Pansangay na Patimpalak sa Pagdiriwang ng Buwan gg Wikang Pambansa 2019 na gaganapin sa Agosto 23, 2019 sa Cumadcad Central School, Castilla, Sorsogon. Ang patnubay sa pagdaraos ng nabanggit na patimpalak ay matatagpuan sa kanugnog na papel.
   a. Ang nabanggit na patimpalak ay bukas sa mga mag-aaral sa Baitang 6 mula sa pampubliko at pampribadong paaaralan.
   b. Ang magkakamit ng Unang Gantimpala sa patimpalak na ito ang magiging kinatawan ng Sangay para sa panrehiyong patimpalak sa araw at petsang ipababatid na lamang.

2. Itinatala naman ang pangalan ng mga kalahok na dadalo sa PANREHIYONG PAGLULUNSAD SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019 na gaganapin sa Agosto 5, 2019 sa Ayala Malls Legazpi sa Lungsod ng Legazpi, ganap na ika-1:00 ng hapon.
   - Ang mga kalahok na dadalo ay inaasahang magsusuot ng Pormal na Kasuotang Filipino.
   - Ang dalawang pares na kalahok sa parada ng kasuotang Filipino at kinatawan ng sangay para sa katutubong awitin ay inaasahang nasa lugar nang ganapan isang oras bago ang umpisa ng palatuntunan.
   - Ang mamamahala sa ekhibit ay mag-uumpisang maglagay ng mga kagamitan sa ika-10:00 ng umaga.

3. Ang kagamitan para sa paggawa ng poster at islogan ay ¼ illustration board. Ang dadalhing pangkulay ay pastel na may kulay primarya itim at puti lamang.

4. Ang gugulin kaugnay sa gawaing ito gaya ng transportasyon, akomodasyon, kasuotan, pagkain at iba pa ay mangagaling sa pondong lokal/MOOE o iba pang pondong mapaghahanguan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Ang iba pang nakatala sa memorandum pansangay ay mananatili.

6. Para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

**LOIDA N. NIDEA. Ed.D., CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

# PATNUBAY SA PAGDARAOS NG IISPEL MO!

## 1.TUNGKOL SA PALIGSAHAN

Ang **Iispel Mo**! ay taunang pambansang paligsahan sa pagbaybay. Layunin nitong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling sa wikang Filipino gamit ang Ortogapiyang Pambansa (OP). Itinataguyod ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd).

## 2. MGA KALAHOK

Ang mga kalahok ay kailangan nasa Ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kaniyang principal. Nakahandang sumunod sa mga panuntunan ng paligsahan. Sa mga nais lumahok sa tatlong (3) level:

**2.1 Division Level**

Sa pamamagitan ng Division Supervisor sa Filipino, maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Schools Division Superintendent (SDS) sa kanilang division.

- Isang (1) mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) mula sa mga paaralang publiko at pribado.
- Isang (1) kalahok lamang sa bawat paaralan ang maaaring lumahok

**2.2 Regional Level**

- Mga nanalo sa division level
- Isang (1) kalahok lamang sa bawat division ang maaaring lumahok

**2.3 National Level**

- Mga nanalo sa regional level
- Isang (1) kalahok lamang sa bawat rehiyon ang maaaring lumahok.

Bawat rehiyon na lalahok sa national level ay bubuoin ng apat (4) na delegado:

- isang (1) mag-aaral na kakatawan sa rehiyon
- isang (1) tagapagsanay (coach) ng nanalo
- isang (1) division supervisor ng nanalong division
- isang (1) regional supervisor sa Filipino

## 3. MGA GANTIMPALA

Ang mga mananalo sa division ay tatanggap ng **Sertipiko ng Paglahok** mula sa kaniyang division. Samantala, pagkakalooban ng **medalya** ang **unang tatlong (3) mananalo** sa regional level mula sa KWF.

Ipagkakaloob ng KWF sa mga mananalo sa National Level ng paligsahan ang sumusunod:

**SA MAG-AARAL**

| | | |
|---|---|---|
| Unang Gantimpala ........... | PhP35,000.00 | at medalya; tropeo para sa rehiyon |
| Ikalawang Gantimpala..... | PhP25,000.00 | at medalya; tropeo para sa rehiyon |
| IkatlongGantimpala......... | PhP15,000.00 | at medalya; tropeo para sa rehiyon |
| Ikaapat na Gantimpala... | PhP10,000.00 | at sertipiko; plake para sa rehiyon |
| Ikalimang Gantimpala...... | PhP5,000.00 | at sertipiko; plake para sa rehiyon |

**SA TAGAPAGSANAY**

| | | |
|---|---|---|
| Unang Gantimpala...... | PhP8,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikalawang Gantimpala | PhP6,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikatlong Gantimpala... | PhP4,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikaapat na Gantimpala | PhP3,000.00 | less 20% tax at sertipiko |
| Ikalimang Gantimpala.. | PhP2,000.00 | less 20% tax at sertipiko |

Pagkakalooban ng KWF ang lahat ng rehiyon na may kalahok ng **Plake ng Pagpapahalaga**

## 4. MEKANIKS NG PALIGSAHAN

4.1 Ang wastong pagbaybay ng mga gagamiting salita ay kailangan alinsunod sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat sa Filipino (MMP) bilang mga sangguniang-aklat.

4.2 Ang maghahanda ng mga gagamiting salita sa division level ay ang Division Supervisor sa Filipino at ang Regional Supervisor naman para sa regional level. Samantala, ang KWF ang maghahanda ng mga salita para sa national level ng paligsahan.

4.3 Tatlo (3) ang bilang ng hurado na walang kaugnayan sa sinumang kalahok ang hahatol sa mga sagot ng bawat kalahok.

4.4 Babasahin nang dalawang beses ng Quiz Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, sasabihin ang salitang ipababaybay at ibibigay ang hudyat upang simulant ang pagsulat ng mga kalahok.

4.5 Bibigyan ng pitong (7) segundo ang mga kalahok upang maisulat sa maliit na whiteboard ang kanilang sagot. Itataas ang kanilang sagot na nakasulat sa whiteboard (bond paper size).

4.6 Titingnan ng hurado ang bawat sagot ng mga kalahok upang sabihin kung sino ang nakakuha ng tamang sagot. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi mababago.

## 5. PARAAN NG PAGBIBIGAY NG PUNTOS

5.1 Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay ang sumusunod:

MADALI ........... 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos
KATAMTAMAN... 10 aytem x 2 puntos = 30 puntos
MAHIRAP ........ 10 aytem x 2 puntos = 50 puntos
KABUOAN .......... = 100 puntos

5.2 Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang mga salita na magiging clincher.

5.3 Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
- Maglalaan ng tatlong salita na ipababaybay na paglalabanan ng mga may patas na puntos.
- Ang makakukuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakukuha ng puwestong pinaglalabanan.
- Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos magkakaroon ng knock-out round.

5.4 Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling **Kampeon ng Ispel Mo!.**

## 6. PANAHON NG PAGDARAOS NG PALIGSAHAN

6.1 Magsisimula ang paligsahan mula sa eliminasyon sa **division level** at ang mananalo sa bawat division ang lalahok sa **regional level**. Ang mananalo sa regional level ang kakatawan sa rehiyon para sa **national level** ng paligsahan.

6.2 Inaasahang iskedyul ng pagdaraos ng paligsahan ay ang sumusunod:

Division Level sa o bago matapos ang Agosto 2019
Regional Level sa o bago matapos ang Oktubre 2019
National Level sa o **30 Nobyembre 2019**

6.3 **MGA KAHINGIAN**
Ang mga kahingian para sa **Ikaapat na Pambansang Paligsahan** ay kailangang maisumite sa Komisyon sa Wikang Filipino sa email address na sangaysalinkwf@gmail.com sampung (10) araw bago ang aktuwal na paligsahan sa 30 Nobyembre 2019.

1. Dalawang kopya (2) ng sinagutang Form ng Kalahok mula sa Region.
2. Isang (1) kopya ng sertipiko na nag-eendoso sa kalahok mula sa Regional Direktor/ Supervisor o Superintendent ng paaralang pinanggalingan ng kalahok.
3. Liham-pahintulot (waiver) ng magulang o guardian ng kalahok.

## 7. IBA PANG DETALYE PARA SA NATIONAL LEVEL NG PALIGSAHAN

7.1 Mga Kahingian kailangan maisumite sa KWF sa email address na sangaysalinkwf@gmail.com sampung (10 )araw pagkatapos ng paligsahan sa division at regional level ng sumusunod:

**Mula sa Division Supervisor**

- Talaan ng mga pangalan ng paaralan at mag-aaral na lumahok sa bawat division;
- Talaan ng mga pangalan ng kalahok na nanalo sa bawat division;

**Mula sa Regional Supervisor**

- Resulta ng paligsahan sa rehiyon
- Ebalwasyon ng paligsahan sa rehiyon

7.2 Sasagutin ng KWF ang tatlong (3) araw na pagkain at akomodasyon ng mga kalahok sa national level.

7.3 Inaasahang ang delegado sa **national level ng Ispel Mo!** ay dumating sa hotel na tutuluyan ng mga kalahok simula alas dos ng hapon (2:00NH) sa 28 Nobyembre.2019

---

# Ikaapat na Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!

**(DepEd ADVISORY No. 052, s. 2019 na may petsang 10 Abril 2019)**

30 Nobyembre 2019
SEAMEO INNOTECH, Pearl Hall, Commonwealth Avenue, Diliman, Lungsod Quezon

## FORM SA PAGPAPATALA NG KALAHOK
(Registration Form)

PANGALAN ____________________________________________
(Una) (Gitna) (Apelyido)

KASARIAN (Paki-tsek) BABAE ________ LALAKI ________ EDAD ________

PETSA NG KAPANGANAKAN ________ LUGAR ____________________

ADRES NG TIRAHAN ____________________________________________

____________________________________________

Tel. Nos. Landline ____________ Mobile Nos. ____________ Email ____________

PAARALAN ____________________________________________

ADRES NG PAARALAN ____________________________________________

____________________________________________

SANGAY ____________________________ REHIYON ____________

PANGALAN NG TAGAPAGSANAY (COACH) ____________________________

ADRES ____________________________ Mobile Nos. ____________

Email ____________________________ Landline Nos. ____________

____________________ ____________________
LAGDA NG TAGAPAGSANAY LAGDA NG KALAHOK

PETSA: ____________ PETSA: ____________

PICTURE PICTURE

Ipadala sa adres:
John Enrico C. Torralba
Komisyon sa Wikang Filipino
2/F Gusaling Watson, Malacañang Complex
J.P. Laurel Street, San Miguel Maynila 1005
Email ad: sangaysalinkwf@gmail.com o komisyonsawika@gmail.com

Advisory No. 052, s. 2019
Abril 10, 2018
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!
NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magsasagawa ng Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! mula Hunyo hanggang Nobyembre, 2019.

Ang layunin ng paligsahan ay ang mga sumusunod:

1. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa, at
2. maisapanahon ang kaalaman ng mga guro at mag-aaral sa Filipino.

Ang maaring lumahok ay mga mag-aaral sa Baitang 6 sa tulong at suporta ng mga guro, superbisor, at tagapamanihala ng mga paaralan sa bawat sangay ng 17 na mga rehiyon sa buong bansa.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

John Enrico C. Torralba
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson
1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
Telepono: (02) 243-9789, (02) 736-2519,
(02) 736-2525 lokal 107
Telefax: (02) 516-0326
Mobile: 0908-697-8491
Email: sangaysalinkwf@gmail.com
komisyonsawika@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

MCDJ, Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!
0094 – Abril 5, 2019

Kalakip Blg. 3 sa Memorandum Pansangay Blg. 144, s. 2019

**PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA**

CUMADCAD CENTRAL SCHOOL
Cumadcad, Castilla, Sorsogon
Agosto 23, 2019

**KOMITE**

**Punong Ehekutibo**

**LOIDA N. NIDEA, Ed.D, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihalang Pampaaralan

**MA. JEANY T. POSTRADO**
Kawaksing Pansangay na Tagapamanihalang Pampaaralan

**Esteering Komite**

Tagapamuno: SHARON A. VITO
Kawaksing Tagaapamuno: SALLY BURABOD, Ed.D.
GENILITA NANTIZA, Ed.D.

| KOMITE | TAGAPAMUNO | MIYEMBRO |
|---|---|---|
| *REHISTRASYON* | ANNIE LOGENIO | TESS LACOSTALES |
| *SISTEMANG TUNOG AT TANGHALAN* | EMMA D. GONZALES | MARITES LLANILO<br>MGA PILING GURO - CUMADCAD CS |
| *SERTIPIKO* | GILBERT NAVAS | MANUEL CADAG |
| *GANTIMPALA* | ANA MARIA GOJAR | AZZEL DIAMSIM |
| *DOKUMENTASYON* | VANESSA L. MALLAPRE | RUTH PASADILLA |
| *PAANYAYA AT PALATUNTUNAN* | IMELDA NARVADEZ | JHAN MARK LOGENIO |
| *TALAAN NG PAGMAMARKA* | LUNINGNING ESPEDIDO | MARIDEZA GURAN |
| *AKOMODASYON* | Mga piling Guro sa Cumadcad CS | ALLAN TAROY |
| *GURO NG PALATUNTUNAN* | ANTHONY BERTES | CIEREL EDMA |
| *TABYULATOR* | ARLENE B. ONTORIA | NANETTE GRAGEDA |
| ***MGA PATIMPALAK** (ELEMENTARYA)* | | |
| *SANAYSAY* | GLADYS LOSERIAGA | JAN RENZ GERNALE |
| *PAGGAWA NG POSTER* | ALBERT ESCOBEDO | MYLENE GOSGOLAN |
| *PAGGAWA NG ISLOGAN* | MARY JANE BAHOY | VILMA FORTUNO |
| *IISPEL MO* | KATHERINE MEDALLA | CECILIA BAUTISTA<br>Mga piling Guro sa Cumadcad CS |
| ***MGA PATIMPALAK** (SEKONDARYA)* | | |
| *SANAYSAY* | WILLY GAANO | ALBERT ESPALDON |
| *PAGGAWA NG POSTER* | LINDA MARFIL | KRISTINE ROSE ESTROPIGAN |
| *PAGGAWA NG ISLOGAN* | BETTYJANE BERJUELA | EMIL ORTIZ |
| *RAWIT DAWIT* | VILMA GUELAS | LOU MARCHAN |
| ***MGA PATIMPALAK** (PANGGURO)* | | |
| *HARI AT REYNA NG KUNDIMAN* | DENVER GERERO | DOROTHY GABION |
| *MAKATA NG TAON* | GRACE FULLEROS | ROLLY LLANETA |
| *PINAKAMAHUSAY NA PANANALIKSIK* | ZANDER J. MACANDOG | BONITA DE BORJA<br>AIDA RAMOS |
| *PINAKAMAHUSAY NA KAGAMITANG PANTURO* | | RIZALDY RAMOS |

Kalakip Blg. 4 sa Memorandum Pansangay Blg. 144, s. 2019

**PANREHIYONG PAGLULUNSAD SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**
Ayala Malls Legazpi, Legazpi City

| Pangalan | Posisyon | Opisina/Paaralan |
|---|---|---|
| 1. SHARON A. VITO | EPS I – Filipino | SDO |
| 2. AMADEO LAGUDA | Punong Guro II | Casiguran NHS |
| 3. FERNANDO N. NEGRITE | | Pilar I Central School, Distrito ng Pilar 1 |
| 4. CLEOFE CIELO | | Gabao NHS |
| 5. IMELDA D. NARVADEZ | Puno ng Departamento | Gallanosa National HS Irosin |
| 6. AZALEA L. NARVADEZ | | Casiguran NHS |
| 7. ANA MARIA B. GOJAR, MT I | | Bulan NHS |
| 8. MARLA A. ATAIZA | | Donsol NCHS |
| 9. EMMA D. GONZALES | Dalubguro I | Cumadcad NHS |
| 10. MYLENE GOSGOLAN | Guro III | Bulan NHS |
| 11. MARK GLENN TEJADA | Guro I | |
| 12. GLADYS LOSERIAGA | Guro III | Bayasong NHS |
| 13. AURORA M. DINEROS | Guro III | Gallanosa NHS |
| 14. ROMMEL T. ESPIRITU | Guro III | Gubat NHS |
| 15. ELMER GAMBA | Guro III | Irosin I CS |
| 16. BETTYJANE BERJUELA | Dalubguro II | Pilar I CS |
| 17. ZANDER J. MACANDOG | Dalubguro I | Donsol NCHS |
| 18. FRANCIS C. RAZO | Dalubguro II | |
| 19. ERIC T. BAUSA | Guro II | Inapugan ES, Pilar I` |
| 20. VILMA GUELAS | Dalubguro II | Bulan South CS |